2

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 10: Pagbigay ng mga Sumusuportang Kaisipan sa Pangunahing Kaisipan ng Tekstong Binasa



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Baitang 2**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 10: Pagbigay ng mga Sumusuportang Kaisipan sa Pangunahing Kaisipan ng Tekstong Binasa**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Alma T. Bautista PhD |
| **Patnugot ng Wika:** | Remedios C. Gerente PhD-CAR |
| | Marieanne C. Ligsay PhD |
| **Tagasuri:** | Edquel M. Reyes MLIS |
| | Remedios C. Gerente PhD-CAR |
| | Sonny N. De Guzman EdD |
| | Marieanne C. Ligsay PhD |
| **Tagaguhit:** | Isagani D. Tique, Norman B. Cruz |
| **Tagalapat:** | Armando Deogines A. Garcia, Norman B. Cruz |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong PhD, CESO V |
| | Ronilo Al K. Firmo PhD, CESO V |
| | Librada M. Rubio PhD |
| | Ma. Editha R. Caparas EdD |
| | Nestor P. Nuesca EdD |
| | Engr. Edgard C. Domingo PhD, CESO V |
| | Leondro C. Canlas PhD, CESE |
| | Elizabeth O. Latorilla PhD |
| | Sonny N. De Guzman EdD |
| | Remedios C. Gerente PhD-CAR |

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon-Region III
Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Filipino

## Ikaapat na Markahan –
## Modyul 10:
## Pagbigay ng mga Sumusuportang Kaisipan sa Pangunahing Kaisipan ng Tekstong Binasa

## Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino Baitang 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagbigay ng mga Sumusuportang Kaisipan sa Pangunahing Kaisipan ng Tekstong Binasa!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino Baitang 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pagbibigay ng mga Sumusuportang Kaisipan sa Pangunahing Kaisipan ng Tekstong Binasa!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| Alamin | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| Subukin | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| Balikan | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| Tuklasin | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| Suriin | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| Pagyamanin | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| Isaisip | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| Isagawa | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| Tayahin | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| Karagdagang Gawain | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| Susi sa Pagwawasto | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| Sanggunian | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong

kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# *Alamin*

Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang makapagbibigay ng mga sumusuportang kaisipan sa pangunahing kaisipan ng tekstong binasa *(F2PB-Ivi-1)*.

# *Subukin*

Panuto: Tukuyin ang sumusuportang kaisipan sa sumusunod na mga talata. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Si Lorena ay isang batang magalang. Lagi siyang nagmamano at gumagamit ng po at opo.



a. batang magalang
b. pagmamano at paggamit ng po at opo
c. pagsunod sa matatanda

2. Nasusunog ang bahay ni Mang Allan. Tumulong ang kaniyang mga kapitbahay upang maapula ang apoy.




a. nasusunog ang bahay
b. pagdating ng mga bumbero
c. pagtulong ng mga kapitbahay

3. Itinapon ni Emman ang mga tuyong dahon sa nabubulok na basurahan. Natutuhan niya ang tamang segregasyon ng mga basura sa klase ni Gng. Reyes.





a. masipag na bata
b. tamang segregasyon ng mga basura
c. pagtapon ng mga tuyong dahon sa nabubulok na basurahan

4. Si Thalia ay matalinong bata. Matataas ang mga nakukuha niyang marka sa pagsusulit.




a. matataas na marka sa pagsusulit
b. kasipagan sa pag-aaral
c. matalinong bata si Thalia

5. Masayahing bata si Berto. Madalas siyang makita na nakangiti.



a. madalas na pagngiti ni Berto
b. pagiging masayahin ni Berto
c. malungkutin si Berto

| Aralin 1 | Pagbigay ng mga Sumusuportang Kaisipan sa Pangunahing Kaisipan ng Tekstong Binasa |
|---|---|

Maliban sa pagtukoy sa pangunahing paksa, mahalaga rin sa iyong pagbabasa na matukoy mo ang mga sumusuportang kaisipan ng isang talata o teksto.

Kailangang maunawaan mo na sa isang talata ay maaaring makabasa ka ng maraming magkakaugnay na pangungusap. Tandaan, mayroong tinatawag na pangunahing paksa at sumusuportang kaisipan ang isang talata o teksto.



## *Balikan*

Panuto: Piliin ang wastong simuno upang makabuo nang wasto at payak na pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. _______________ ay maanghang.
   a. Ang tsokolate
   b. Ang sili
   c. Ang mansanas

2. ________________ ay nagluluto sa kusina.

   a. Ang puno
   b. Ang nanay
   c. Ang aso

3. _______________ ay magaspang na papel.

   a. Ang papel de liya
   b. Ang kuwaderno
   c. Ang mukha

4. ________________ ay nagsuot ng *face mask* at *face shield* nang lumabas ito.

   a. Si Lisa
   b. Ang bola
   c. Ang tsinelas

5. _______________ ay umiinom ng gatas.

   a. Ang bata
   b. Ang laruan
   c. Ang butiki

## *Tuklasin*

Naranasan mo na bang hindi sumunod sa bilin ng iyong magulang? Kung oo, tama ba na gawin ito?

Sa araling ito, matututuhan mo ang maaaring maging epekto ng pagsuway sa bilin ng magulang.

Halika at basahin mo ang kuwento ni Rolan.

## Si Rolan

ni Alma Tang-Bautista

Si Rolan ay limang taong gulang na bata. Siya ay madalas kumain ng mga matatamis na pagkain. Paborito niya ang tsokolate.  Lagi siyang pinagsasabihan ng kaniyang ina tungkol sa pagkain niya ng matatamis.






Palihim na kinukuha ni Rolan ang mga tsokolateng nakatago sa kabinet. Isang araw, nagising si Rolan na namimilipit sa sakit ng ngipin.






Panuto: Sagutin mo ang mga tanong. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot

1. Sino si Rolan?
   a. batang payat
   b. batang tahimik
   c. may edad na limang taong gulang

2. Ano ang maaaring mangyari sa madalas na pagkain ng matatamis?
   a. sasakit ang ngipin
   b. lalakas ang mga ngipin
   c. dadami ang mga ngipin

3. Ano ang pangako ni Rolan sa kaniyang inay?
   a. Hindi na kakain ng tsokolate si Rolan.
   b. Kakain ng maraming tsokolate si Rolan.
   c. Magpapabili si Rolan ng maraming tsokolate.

4. Bakit humingi ng tawad si Rolan sa kaniyang inay?
   a. dahil tumupad sa pangako si Rolan
   b. dahil hindi tumupad sa pangako si Rolan
   c. dahil tatlo na lang ang kanyang ngipin

5. Maaari bang mangyari sa tunay na buhay ang kuwento ni Rolan?
   a. Opo
   b. Hindi po
   c. Siguro po

## Suriin

Ang isang talata ay binubuo ng pangunahing paksa at sumusuportang kaisipan. Ang pangunahing paksa ay ang pangunahing ideya o tema samantalang ang sumusuportang kaisipan ay ang mahahalagang kaisipan o mga susing pangungusap na may kaugnayan sa pangunahing paksa.

Ang sumusuportang kaisipan ay tinatawag ding pantulong na detalye. Tumutukoy ito sa mga mahahalagang kaisipan na may kaugnayan sa pangunahing paksa. Sa tulong ng mga sumusuportang kaisipan ay mas nagkakaroon ng linaw at unawa ang mambabasa sa diwang nais iparating ng talata.

*Halimbawa:*

Si Bantay ay ang alaga naming aso. Matalino siya sapagkat nakasusunod siya sa mga sinasabi ko tulad ng pag-upo, pagtayo, paggapang, pag-ikot at marami pang iba. Mahal na mahal namin siya.

**Pangunahing Paksa:**

Ang alagang aso na si Bantay

**Sumusuportang Kaisipan:**

1. pagiging matalino ni Bantay
2. pagsunod ni Bantay
3. pagmamahal kay Bantay


*Mga Tala para sa Guro*

Ipagawa ang mga pagsasanay sa mga mag-aaral.

# *Pagyamanin*

## Gawain 1

Panuto: Ibigay ang sumusuportang kaisipan ng sumusunod na mga talata. Gamiting gabay sa pagsagot ang larawan sa bawat bilang. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.



________ **1.** Limang taong gulang pa lang si Rolan ay mahilig nang kumain ng mga matatamis na pagkain tulad ng keyk, kendi, tsokolate, ice cream, atbp. Pinakapaborito niya ang tsokolate.

a. pagkain ng matatamis
b. pagkain ng tsokolate
c. matigas ang ulo ni Rolan

________ **2.** "Anak, huwag ka nang mas mga matatamis. Baka sumakit at masir ngipin mo niyan."



a. paalala ng ina sa kaniyang anak
b. katigasan ng ulo
c. pagsakit at pagkasira ng ngipin

________ **3.** "Patawad po inay, hindi po ako tumupad sa aking pangako. Lihim ko pong kinakain araw-araw ang mga tsokolate na nasa kabinet."




a. paghingi ng kapatawaran
b. pagtanggap sa kamalian
c. lihim na pagkain ng tsokolate

________ **4.** Si Jose Rizal ay kinikilala bilang pambansang bayani ng Pilipinas. Siya ang bayaning makikita sa piso.




a. makikita sa piso si Rizal
b. bayani si Rizal
c. si Jose Rizal

__________ **5.** Si Emmanuel "Manny" Pacquiao ay isang Pilipinong boksingero. Dahil sa kaniyang kahusayan sa larong boksing, hinirang siya bilang "Fighter of the Decade"noong dekada 2000.



a. si Emmanuel "Manny" Pacquiao
b. Pilipinong boksingero
c. pagkahirang kay Pacquiao ng "Fighter of the Decade"

## Gawain 2

Panuto: Pusuan (♥) mo kung angkop ang sumusuportang kaisipan sa sumusunod na mga pangunahing paksa. Isulat sa sagutang papel ang iyong tamang sagot.

☐ **1.** Walang kondisyon ang pagmamahal ng ating magulang.
Kaya nilang isakripisyo ang kanilang buhay para sa atin.

☐ **2.** Ang bulkang Mayon ay isang aktibong bulkan na matatagpuan sa Albay.
Ito ay kilala dahil sa perpektong hugis apa.

3. Ang Pilipinas ay tinatawag na Perlas ng Silangan.
☐ Matatagpuan ito sa Timog-Silangang Asya.

4. Ang mga ngipin ay makikita sa loob ng bibig.
☐ Ginagamit ang mga ngipin sa pagkagat at pagnguya ng pagkain

5. Ang mga pangunahing kulay ay ang pula, dilaw at bughaw.
☐ Paborito ko ang Adobo.

## Gawain 3

Panuto: Isulat ang tsek (√) kung ang nakasalungguhit ay sumusuportang kaisipan ng tekstong binasa at ekis (X) kung hindi. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

_______ 1. Ang hugis ay ang mga anyo, porma, o tabas ng isang bagay. Ilan sa mga hugis ay ang bilog, parihaba,tatsulok, biluhaba, atbp.

_______ 2. Isa sa mga pangunahing sustansiya na kailangan ng ating katawan ay ang Bitamina A. Napalilinaw nito ang ating mga mata at pinatitibay ang ating resistensiya upang hindi maging sakitin.

_______ 3. Ang pagkain ng masustansiyang pagkain ay nakabubuti sa ating malusog na katawan. Kumain ng gulay, prutas, isda at karne.

_______ 4. Ang mga Pilipino ay mga mamamayan na ipinanganak sa Pilipinas at may magulang na Pilipino. Kayumanggi ang kulay ng balat ng mga Pilipino.

_______ 5. Ang sakit na Coronavirus ay kilala sa tawag na COVID-19. Ang ilan sa mga sintomas nito ay pag-ubo, pangangapos sa paghinga, lagnat, pananakit ng lalamunan, pagkawala ng panlasa at pang-amoy at pananakit ng ulo.

## *Isaisip*

Panuto: Basahin ang sumusunod na mga talata. Hanapin ang tamang sagot sa bawat patlang. Gamiting gabay ang mga makikitang sagot sa loob ng kahon. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

| |
|---|
| sumusuportang kaisipan<br>talata<br>pangunahing paksa<br>linaw<br>pantulong na detalye |

Ang isang **(1)** ____________ ay binubuo ng pangunahing paksa at **(2)____________________.** Ang pangunahing paksa ay ang pangunahing ideya o tema samantalang ang sumusuportang kaisipan ay ang mahahalagang kaisipan o mga susing pangungusap na may kaugnayan sa pangunahing paksa.

Ang sumusuportang kaisipan ay tinatawag ding **(3)________________.** Tumutukoy ito sa mga mahahalagang kaisipan na may kaugnayan sa **(4)______________________.** Sa tulong ng mga sumsusuportang kaisipan ay mas nagkakaroon ng **(5)** _________ at unawa ang mambabasa sa diwang nais iparating ng talata.

## Isagawa

Panuto: Punan ng sumusuportang kaisipan ang sumusunod na mga pangunahing paksa. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. Alam ng ating magulang kung ano ang makabubuti sa atin. ______________________________________.
2. Ang batang tulad ko ay kailangang nakikinig sa magulang.
   ______________________________________.
3. Ang kabuuang ngiping pambata ay 20.
   ______________________________________.
4. Ang bulkang Mayon ay isang aktibong bulkan.
   ______________________________________
5. Ang planetang Mars ay ang ikaapat na planeta mula sa araw.
   ______________________________________.

## Tayahin

Panuto: Pag-aralang mabuti ang mga larawan. Sa itaas na bahagi ay matatagpuan ang pangunahing paksa. Piliin sa ibabang bahagi ang angkop na susuportang detalye sa pangunahing paksa. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.



1. Nag-aral ng leksyon si Rene para sa kaniyang pagsusulit bukas.

a. 


b. 


c. 

2. Ang Pamilya Paras ay nagmamahalan at nagtutulungan.



a. 


b. 

c. 

3. Si Alfred ay kumakain ng masusustansiyang pagkain.




a. 

b. 

c. 

4. Nangongopya si Alex sa kaniyang kaklase.



a.



b.




c.




5. Naglilinis ng silid-aralan ang mga mag-aaral.



a.




b.




c.



## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Basahin ang teksto at itala ang mga sumusuportang kaisipan. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

Si Oboy ay masipag na bata. Lagi niyang tinutulungan ang kaniyang nanay sa mga gawaing bahay. Siya rin ang nagpapaligo at nagpapakain sa kaniyang bunsong kapatid. Likas sa kaniya ang pagiging matulunging anak.

1. ________________________________________

2. ________________________________________

3. ________________________________________

# Susi sa Pagwawasto

| Karagdagang gawain | Isagawa | Isaisip | Pagyamanin |
|---|---|---|---|
| 1. masipag na bata<br>2. tumutulong sa gawaing bahay<br>3. nagpapaligo at nagpapakain ng bunsong kapatis | Tayahin<br>1. a<br>2. c<br>3. c<br>4. b<br>5. a | 1. talata<br>2. sumusup ortang kaisipan<br>3. pantu-long na detalye<br>4. pangu-nahing paksa<br>5. linaw | Gawain 3<br>1. √<br>2. X<br>3. √<br>4. √<br>5. X |

| Pagtayamanin | Subukin |
|---|---|
| Gawain 1<br>1. b<br>2. c<br>3. c<br>4. a<br>5. c<br><br>Gawain 2<br>1. ♥<br>2. ♥<br>3. ♥<br>4. ♥<br>5. | 1. b<br>2. c<br>3. c<br>4. a<br>5. a<br><br>Balikan<br>1. b<br>2. c<br>3. a<br>4. b<br>5. a |

## *Sanggunian*


Bautista, Alma at Villanueva, Voltaire. *Bahaghari: Sinag ng Pag-asa: Aklat sa Filipino 2.* (Cavite City: Pisara Publishing House, 2016).

Catalan, Maria Elena. "Sun Star Baguio," *Chasing Whang-od, the oldest Kalinga Mangdadamo.* (2017) Retrieved February 28, 2017.

Himmer, Alastair. 2010. *Pacquiao named fighter of the decade*". Reuters.

Minnesota Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan sa Minnesota) Bagong Coronavirus sa 2019 (2019 Novel Coronavirus, COVID-19) (www.health.state.mn.us/diseases/coronavirus/index.html)

Tummers M at Thesleff I. Root or crown: a developmental choice orchestrated by the differential regulation of the epithelial stem cell niche in the tooth of two rodent species. (Ugat o korona: Piling pagtubo na pinahintulutan sa pamamagitan ng pagkakaibaibang pangangalaga ng himlayan ng mga sangang-selulang epitelyum sa loob

ng mga ngipin ng dalawang uri ng
daga. Development (Paglilinag) (2003). 130(6):1049-57.

Zaide, Gregorio. 1957. Rizal's Life, Works and Writings. Manila,
Philippines: Villanueva Book Store. pp. 43–44.

James, Leo. “Kulay”.Tagalog-English Dictionary (Talahulugang Tagalog-Ingles). 1990.

"The Constitution of the Republic of the Philippines". Official Gazette of the Philippines. Philippine Government. Nakuha noong 26 September 2019.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph